# Balitang Manmin

BILANG 89 AGOSTO 4, 2013


# Aktibong Ibinabahagi ng "*In Victory*" ang Ebanghelyo ng Kabanalan sa mga Lugar na Ruso ang Wika

## Umaapaw ang mga Patotoo at mga Kahilingan para Maipanalangin ni Dr. Jaerock Lee!




Bilang isa sa mga pinakakilalang website sa mga lugar na Ruso ang wikang ginagamit, naibahagi na ng *In Victory* (www.invictory.org) ang ebanghelyo sa Russia at Ukraine. Kadalasan, may tatlong daang libo ang bilang ng mga taong bumibisita sa website araw-araw, pero kung minsan, umaabot pa ito sa kalahating milyon.

Noong taong 2009 at 2010, pinili at inanunsyo ng *In Victory* na si Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church ay isa sa sampung pinakamaimpluwensyang Lider na Cristiano. Itinalaga din si Dr. Lee bilang 'Nangungunang Mangangaral ng Ebanghelyo' at 'Misyonero ng Taon.'

Noong taong 2009, dumalo si G. Sergey Velbovets, Pangulo ng mga mamamahayag ng *In Victory*, sa krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee na idinaos sa Israel. At noong taon ding iyon, Oktubre, dumalo naman siya sa ika-6 na pandaigdigang kumperensya ng mga Cristianong doktor na pinamahalaan ng WCDN (World Christian Doctors Network, samahan ng mga Cristianong doktor) na idinaos sa Kiev, Ukraine. Dahil sa mga okasyong ito, mas nakilala niya ang Manmin Central Church.

Bumisita siya sa iglesya sa Seoul para makapag-ulat tungkol dito. Sa pagbisita niya, naantig ang puso niya sa mga mensahe ni Dr. Lee na puno ng buhay at sa mga patotoo tungkol sa pagpapagaling at mga natugunang panalangin ng mga miyembro dahil sa kapangyarihan ng Diyos.

Naranasan din niya ang personal ang kapangyarihan ng Diyos. Noong nasa pangsiyam na buwan ang ipinagbubuntis ng asawa niya, may mga ilang araw na huminto sa paggalaw ang sanggol sa sinapupunan nito. Tinanggap nila ang panalangin ni Dr. Lee, dahil dito, ipinanganak ng asawa niya ang isang malusog na sanggol. Tinanggap din niya ang maliwanag na paggabay ng Espiritu sa kanya para ipahayag ang mga kamangha-manghang pagkilos ng Diyos sa buong mundo sa pamamagitan ng diyaryo, television, at internet.

Noong 2011, gumawa siya ng kuneksyon sa website niya at sa website ng Manmin Central Church sa wikang Ruso. Naglalabas din siya ng mga artikulo tungkol sa Manmin, mga sermon ni Dr. Jaerock Lee, mga libro nito, at mga patotoo ng mga miyembro.

Mula noon, marami na ang naging interesado sa mga artikulo na nasa website ng *In Victory*. Tinatanong pa nila kung paano nila pupuntahan ang Manmin Central Church o kung paano sila makakatanggap ng panalangin ni Dr. Lee. Dahil dito, nilagyan ng tab ang website para sa mga hiling na panalangin at ipinapadala ang mga ito sa Manmin sa pamamagitan ng email. Ipinapanalangin ni Dr. Lee ang mga kahilingang ito mula sa pulpito pagkatapos niyang maghatid ng mensahe.

Mahigit sa pitong daang kahilingan ng paggaling sa mga karamdaman o solusyon sa mga problema sa buhay ang ipinapadala sa iglesya bawat linggo. Marami din ang nagbibigay ng mga patotoo, at marami dito ang nagrerehistro sa Manmin sa pamamagitan ng internet araw-araw.

| Panayam |

## "Napakahalaga ng Ministeryo ng Manmin para sa mga Cristiano sa Kasalukuyang Panahon"

G. Sergey Velbovets, Pangulo ng mga mamamahayag ng *In Victory*

Ang mga iglesya sa Korea ay nagpapakita ng magandang halimbawa sa mundo sa muling pagpapasigla ng buhay Cristiano, pero hindi gaanong napag-iisipan ang dahilan. Gusto naming malaman kung paano namumuhay ang mga Cristianong Koreano at kung ano ang mga minimithi nila.

Kasabay nito hinanap ko ang Manmin Central Church sa South Korea. Nakita ko ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos, napakinggan ang mga mensaheng punung-puno ng buhay, at nasaksihan kung paano aktibong isinusulong ng iglesya ang pandaigdigang misyon. Nagkaroon ako ng matinding pagnanais na maipaalam sa mga tao sa mundo kung paano maglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng iglesyang ito at sa pagpapalaganap ng mga tanda, himala at makapangyarihang mga gawa ng Diyos sa



pagbabalita nito sa mga diyaryo, internet, at telebisyon.

Palagi akong nag-uulat tungkol sa Manmin Central Church sa telebisyon at sa mga artikulo sa pagbabalita namin. Nakapagbigay ito ng napakahalagang pagkakataon sa mga gumagamit ng internet para mapatatag ang pundasyon ng pananampalataya at baguhin ang mga buhay Cristiano nila.

Pagkatapos mabalitaan ang tungkol sa Ministeryo ng Manmin at mga makapangyarihang kaganapan, maraming tao ang humiling na ipanalangin ang mga problema nila gaya ng paggaling sa mga karamdaman o iba pang mga personal na pangangailangan. Marami na ang nagsabing tumanggap sila ng mga pagpapala at nasolusyunan ang mga problema dahil sa mga mensahe ni Dr. Lee at sa ministeryo ng Manmin.

Nasa tatlong wika ang website ko: Ruso, Ingles, at Kastila. Napakahalaga ng ministeryo ng Manmin sa mga Cristiano sa kasalukuyang panahon. Pinupukaw nito ang buong mundo sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan at mga makapangyarihang pagkilos. Tungkulin na ng In Victory ang ipagbigay alam sa mga tao ang tungkol sa ministeryong ito.



## Ang luwalhati at papuri ay sa Diyos na Siyang karapat-dapat papurihan!

### Ang Panalangin at Pagsamba ng Komite ng Sining 2013

Ang komite ng sining ng Manmin sa pamamahala ni Pastor Heejin Lee ay binubuo ng puwersa ng mga nagpupuri sa Diyos na pinalakas ng kabanalan. Sa kanilang pananalangin at pagsamba na idinaos sa malaking santuwaryo noong Hunyo 30, 2013, nagbigay ng espesyal na pagtatanghal ang may isanlibo at tatlong daang miyembro ng komite sa pamamagitan ng kantang pinamagatang "Praise 3" (Papuri 3). Naghandog sila ng papuri sa Diyos, na Siyang karapat-dapat papurihan nang buong puso, kalooban, at dedikasyon.

Ipinangaral ng tagapagsalitang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mensaheng pinamagatang 'Praise' (Papuri) batay sa Isaias 43:21. Sinabi niyang hahaplos sa puso ng Diyos ang mga dalanging inihandog nang may mabuting puso at walang kasamaan, magdadala ng mga kasagutan mula sa langit, at magiging malaking kaluwalhatian at gantimpala.

Sinabi din niya, "Umaasa ako na maghahandog kayo ng mga papuri na hinahangad ng Diyos at may pag-asa sa mga maluwalhating araw sa napakagandang lungsod ng Bagong Jerusalem, kahit narito pa kayo sa lupa."

Ang Komite ng Sining ay binubuo ng limang choirs, Nissi Orchestra na bihasa sa pagtugtog ng mga papuri, at dalawampu't apat na grupo ng mga manganganta at mananayaw. Kasama dito ang Heavenly Voice Chorus, Heavenly Dance Team, Power Worship Dance Team, Serem Korean Traditional Music Team, the Brass Ensemble, at mga soloista.

# Tinitiis ng Pag-ibig ang Lahat ng Bagay

"Ang pag-ibig ay matiisin...pinapasan nito ang lahat ng bagay, pinaniniwalaan ang lahat ng bagay, inaasahan ang lahat ng bagay, tinitiis ang lahat ng bagay" (1 Mga Taga-Corinto 13:4-7).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ang ika-13 kabanata ng 1 Mga Taga-Corinto ay tungkol sa mga katangian ng espirituwal na pag-ibig. Sinasabi nito, "...pinapasan nito ang lahat ng bagay, pinaniniwalaan ang lahat ng bagay, inaasahan ang lahat ng bagay, tinitiis ang lahat ng bagay."

Sa nakaraang edisyon ng Balitang Manmin, ipinaliwanag ko ang ibig sabihin ng 'pinapasan ang lahat ng bagay.' Ito ay ang pagpasan ng lahat ng bagay na hindi ayon sa pag-ibig. Ang 'maniwala sa lahat ng bagay' ay magtiwala sa isang tao dahil naniniwala tayo sa kanya. Ang 'umasa sa lahat ng bagay' ay ang maghintay at mag-abang sa pinagtitiwalaan hanggang sa matupad ito.

Kung aasahan natin ang lahat ng bagay nang may pananampalataya, makakaya nating ipasan ang lahat ng bagay. At kung kaya nating ipasan ang lahat ng bagay, mapagtitiisan natin ito. Ano ang espirituwal na kahulugan ng 'tinitiis ang lahat ng bagay'? Paano natin lubos na makakamit ang espirituwal na pag-ibig?

### 1. Anong ibig sabihin ng pinapasan ang lahat ng bagay?

Kapag papasanin natin ang lahat ng bagay na hindi ayon sa espirituwal na pag-ibig, may kahihinatnan ito. Kapag dumaan ang malalakas na alon, may natitirang mumunting mga alon sa dalampasigan. Ang resulta ng pagpasan ng lahat ng bagay ay parang mga mumunting alon. Kung papasanin natin ito, hindi ito magtatapos dito. May epekto ito sa buhay natin, tulad ng mga pagsubok at sama ng loob.

Sinabi ni Jesus sa Mateo 5:39, "Ngunit sinasabi Ko sa inyo, 'Huwag ninyong labanan ang masasamang tao.' At kung ikaw ay sampalin ng sinuman sa kanang pisngi, iharap mo rin sa kanya ang kabila." Kahit sampalin kayo sa kanang pisngi, huwag kayong lumaban, tiisin na lang ninyo. Pero ang resulta nito ay masasaktan kayo.

Siyempre, may magkakaibang dahilan ang mga tao sa nararanasang matinding sama ng loob. May mga taong nasasaktan dahil iniisip nilang sinampal sila nang walang dahilan, nagagalit sila. At ang iba naman ay nalulungkot dahil naging dahilan sila para magalit ang ibang tao. Ang iba naman ay naaawa sa kapatid na hindi marunong magtimpi, nananakit siya agad.

Ang epekto ng pagpasan ng isang bagay ay maaaring dumating sa mga aktuwal na pangyayari. Halimbawa, sabihin nating may sumampal sa inyo sa kanang pisngi at iniharap ninyo ang kaliwa ayon sa Salita. Pagkatapos, sinampal din niya kayo sa kaliwa. Pinasan ninyo ito ayon sa Salita, pero hindi ito nagtapos dito. Maaaring iniisip ninyo na mawawala na ang problema dahil pinasan ninyo ito, bakit nagkaroon pa rin ng pagsubok? Ang dahilan nito ay sapagkat gusto ng Diyos ng pag-ibig na maging perpekto tayo at bigyan tayo ng kamangha-manghang mga biyaya.

Bilang mga mananampalataya, magiging mga tunay na anak tayo ng Diyos na parang mga 'trigo' sa pamamagitan ng pagpasan at pagtitiis. Ganito ang paraan ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan para maging tunay na mga anak Niya tayo dahil sa mga pinagdaanang pagsubok. Ang isang halimbawa ay kung may isang taong gumagawa ng masamang bagay sa inyo. Ipinapakita ninyong ipinapasan ninyo ito, pero masama ang loob ninyo, iniisip ninyo, "Ayaw ko siyang makita. Hindi ko maintindihan." Batid ito ng kaaway na diyablo at Satanas, aakusahan nila kayo dahil sa damdaming ganito. Pagkatapos, dadating ang mga pagsubok batay sa mga akusasyon.

Hanggang sa tanggaping wala na tayong kasamaan sa puso natin, magkakaroon ng malalaki at maliliit na pagsubok. Siyempre, kahit pagkatapos nating iwaksi ang lahat ng mga kasalanan at mapabanal na ng lubusan, magkakaroon pa rin ng mga pagsubok. Ang mga pagsubok na ito ay ibinibigay para bigyan tayo ng mga biyaya. Sa pamamagitan ng mga ito, hindi tayo mananatili sa antas na walang kasamaan kundi magkakaroon ng mas dakilang pag-ibig at mas perpektong kabutihan.

Hindi lang ito pangpersonal na mga biyaya. Ganito rin ang mangyayari kapag tinutupad ng Diyos ang kaharian Niya. Para makapagpakita ang Diyos ng mga dakilang pagkilos, dapat magkaroon ng katarungan. Para maipakita ang malaking pananampalataya at mga gawa ng may pag-ibig, dapat nating patunayan na mayroon tayong mga sisidlang paglalagyan ng mga kasagutan. Ito ang nararapat ayon sa katarungan kaya hindi ito pwedeng hadlangan ng kaaway na diyablo. Kaya, pinapayagan ng Diyos na mangyari ito kung minsan. Kung pagtitiisan natin ang mga ito nang may kabutihan at pag-ibig, papayag ang Diyos na luwalhatiin natin Siya ng mayroong mas dakilang tagumpay.

### 2. Pinapasan, pinaniniwalaan, inaasahan, at tinitiis ang lahat ng bagay

Kung ipapasan, paniniwalaan, at aasahan natin ang lahat ng bagay para sa katotohanan dahil mahal natin ang Diyos, makakaya nating tiisin ang kahit na anong klase ng pagsubok. Paano natin paniniwalaan, aasahan, at titiisin ang lahat ng bagay?

#### 1) Paniwalaan natin ang pag-ibig ng Diyos kahit dumadaan tayo sa pagsubok

Pinapayagan ng Diyos na magkaroon tayo ng mga pagsubok para maging karapat-dapat tayong purihin, luwalhatiin, at parangalan sa katapusan ng buhay natin (1 Pedro 1:7). At kapag nabubuhay tayo ayon sa Salita ng Diyos at hindi nakikipagkasundo sa mundo, humaharap tayo kung minsan sa hindi makatarungang pagdurusa. Kung mangyayari ito, paniwalaan nating tumatanggap tayo ng espesyal na pag-ibig mula sa Diyos. Magpasalamat tayo dahil dinadala tayo ng Diyos sa mas mabuting tirahan sa Langit.

Pero kung matindi at matagal ang pagsubok sa atin, pwedeng isipin natin, "Mahal ba talaga ako ng Diyos?" Sa panahong ito, alalahanin natin ang pag-ibig ng Diyos para sa atin, tiisin natin ang mga pagsubok. Alalahanin nating gusto ng Diyos Ama na dalhin tayo sa mas mabuting tirahan sa langit dahil mahal Niya tayo. Kung pagtitiwalaan natin ang pag-ibig ng Diyos, at makakapagtiis hanggang sa huli, pagpapalain tayong maging perpektong nilalang (Santiago 1:4).

#### 2) Dapat nating paniwalaan na ang mga pagsubok ay maiksing paraan para matupad ang mga inaasahan natin

Sinasabi sa Mga Taga-Roma 5:3-4, "At hindi lamang gayon, kundi nagagalak rin tayo sa ating kapighatian sa pagkakaalam na ang kapighatian ay nagbubunga sa pagtitiis, at ang pagtitiis ng pagpapatibay; at ang pagpapatibay ng pag-asa." Sinabi, ang pagsubok ay maiksing paraan para matupad ang inaasahan natin. Baka iniisip ninyo, 'Kailan ako magbabago?' Pero kung titiisin ninyo ang mga pagsubok, at patuloy na magbabago, magiging totoo at perpektong anak kayo ng Diyos na tumutulad sa Kanya. Parang mga bato na nagiging makislap na hiyas dahil sa paulit-ulit na paglilinang at pagpapakintab.

Samakatwid, kapag may pagsubok na dumating, huwag ninyo itong iwasan. Sa halip, pagsikapan ninyong mabuti para makapasa kayo. Siyempre, natural lang na gustuhin ng isang taong lumakad sa madaling daan. Pero kung iiwasan natin ang mga pagsubok, maaantala ang pagdating natin sa gusto nating puntahan. Halimbawa, may isang taong palaging nagbibigay sa inyo ng problema sa bawat bagay. Hindi ninyo ipinapakita, pero hindi maganda ang pakiramdam ninyo kapag nakakaharap ninyo ang taong ito. Kaya, iiwasan na lang siya. Huwag ninyong ipagsawalang bahala ang ganitong situwasyon, dapat ninyo itong pagtagumpayan. Ang bawat isang pagsubok ay magpapaiksi ng daan patungo sa pagtupad ng mga inaasahan ninyo.

#### 3) Mabubuting bagay lang ang dapat gawin

Mula sa pananaw ng taong makalaman, ang mga pagsubok ay nagmumula sa ibang tao o mga situwasyon. Pero sa espirituwal na diwa, ang lahat ng pagsubok sa pananampalataya ay mula sa kaaway na diyablo at Satanas. Ibig sabihin, ang mga ito ay labanan sa pagitan ng mabuti at masama. Kaya, para magtagumpay sa espirituwal na labanang ito, dapat tayong lumaban ayon sa mga tuntunin ng espirituwal na kaharian: magtatagumpay ang kabutihan laban sa kasamaan. Kung gagawa tayo ng mabuti, parang talo tayo, pero sa totoo lang, panalo tayo. Nakasulat sa Mga Taga-Roma 12:21, "Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama." Tiyak na magtatagumpay ang kabutihan kung kikilos tayo na may kabutihan dahil ang Diyos ay mabuti.

Mayroon ba kayong kasamahan na masama ang ugali at hindi ninyo siya maintindihan? Bakit hindi ninyo subukang magpakita ng kabutihan sa kanya? Lahat ng klase ng tao ay mapagtitiisan ninyo kung pagsisikapan ninyo silang mahalin. Magagawa ninyo silang mahalin katulad ng pagmamahal ninyo sa sarili ninyo, mauunawaan at matatanggap ang mga bagay tungkol sa kanila kung gagawin ninyo ang sinasabi sa Mateo 22:39, "Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili."

Mahal kong mga kapatid, nagiging mamahaling perlas ang buhangin o damong-dagat sa loob ng isang talaba. Umaasa ako na pagtitiisan ninyo ang sakit ng pagpasan nang may pananampalataya at pag-asa para mabuo ang magandang perlas na tinatawag na 'espirituwal na pag-ibig.' Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pagpasok ninyo sa pintuang perlas, masasabi ninyo sa Diyos Ama, "Salamat Ama sa pagpasan, paniniwala, pag-asa, at pagtitiis Ninyo ng lahat ng bagay para sa akin."

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Tsek! 'Gaano na ba ako kabanal?'

Narito ang ilang pagkakaiba sa pagitan ng pusong espirituwal na gusto ng Diyos at ng pusong makalaman. Bakit hindi ninyo suriin kung gaano na kayo kabanal sa pamamagitan ng apat na aspetong ito?

## Pusong Mapagbigay laban sa Pusong Maramot

May malaking pagkakaiba ang pusong mapagbigay sa pusong umuurong, pabagubago, at umaayaw sa mga mahihirap na tungkulin. Ang pusong mapagbigay ay hindi nagyayabang dahil ito ay mapagkumbaba, at hindi nito ipinipilit ang sariling kagustuhan. Hindi ito naghahanap ng papuri sa mga tulong na ibinigay niya. Tulad ng isang lingkod, iniisip niya ang ibang tao, at nakikipagkasundo siya para sa katotohanan. Ang taong may ganitong klaseng puso ay may hangaring maglingkod kaya pinapanatili niya ang kagalakan at pakikipagkasundo sa ibang tao.

Gayon pa man, makalaman ang puso ninyo kung gusto ninyong higitan ang ibang tao, at kung gusto ninyong purihin ang pangalan at ang mga ginawa ninyo. Gusto din ninyong mas maging kilala kayo kaysa sa iba. Karaniwang na sa inyo ang maghangad ng papuri at pagkilala dahil pakiramdam ninyo, gumawa kayo ng isang bagay na pwedeng ipagmalaki. Gayon pa man, kung mapagkumbaba kayo, iisipin ninyong ginawa ninyo ang dapat gawin, kahit pinagpaguran pa ninyo ito; ito ay pagpapabanal. Mahihiya pa nga kayo kung mas pupurihin at papahalagahan kayo kaysa sa iba.

May isang klase ng puso na iba sa dalawang nabanggit. May mga taong ayaw manguna, nahihiya sila, walang lakas ng loob, at iniisip nila na wala silang kapangyarihan. Maaaring iniisip nila na ayaw nilang magyabang o higitan ang ibang tao. Pero, lalabas ang pagiging makalaman nila kapag sila ang gagawa ng isang bagay na kayang-kaya nilang gawin o ng isang bagay na pwede nilang ipagmalaki. Kapag hindi nangyari ang inaasahan nila, lalabas ang pagkabalisa, pagdaramdam, at hindi pagkakasundo. Samakatwid, dapat nating kilalanin ang bawat situwasyon, kung magsasalita tayo o hindi, kahit alam nating tama tayo.

## Pusong Mapang-unawa laban sa Pusong Mapagmataas

Ang katangiang 'mapang-unawa' ay ang kakayahang makita ang kalakasan at kabutihan ng ibang tao. Kung nasa inyo ang katangiang ito, hindi na ninyo papansinin ang pagkukulang ng ibang tao. Iisipin ninyo ang kalagayan nila at ilalagay ninyo ang sarili ninyo sa situwasyon nila para maunawaan sila. Naniniwala kayo na babaguhin sila ng pagpapala ng Diyos kahit nagkukulang sila. Pinapalakas ninyo ang loob nila at sinisikap ninyong tulungan silang maging mabuti. Kung ganito ang pag-unawa at kabutihan ninyo, mapapalagay ang loob ng ibang tao sa inyo at bukas ang pusong makikipag-usap sa inyo.

Kung wala ang mapang-unawang puso, magkakaroon ng mga alitan at awayan. Hindi ninyo mauunawaan ang ibang tao kung sariling pananaw at pakinabang lang ang tinatanggap ninyo. Dapat ninyong malaman na magkakaiba ang pananampalataya, kinalakhan, edukasyon, kakayahan, at personalidad ng bawat tao at lahat tayo ay hindi perpekto.

Pinagtatakpan ng isang taong banal ang mga pagkakamali ng iba, iniintindi nila ang kalagayan ng ibang tao. Bago niya husgahan ang mga ito sa pamamagitan ng sarili niyang sukatan ng katotohanan, dinadama muna niya ang sakit na nararamdaman nila, nakikiramay siya sa kanila.

Kung sa tingin ninyo nagkakaroon kayo ng problema dahil sa ibang tao, nangangahulugan itong hindi pa ninyo inilalagay ang sarili ninyo sa situwasyon nila. Kung nauunawaan ninyo sila, hindi kayo mahihirapan, magiging mapayapa kayo. Madadama ninyo ang kalooban at pag-ibig ng Diyos at tatanggap kayo ng mga biyaya kung uunawa kayo nang may kabutihan. Magpapakabanal kayo kahit may pagdurusa.

## Pusong Umaamin laban sa Pusong Nagdadahilan

Inaamin ng taong banal ang mga pagkukulang at mga pagkakamali niya kapag pinagsabihan siya o pinayuhan. Hindi nasasaktan ang damdamin niya kundi nagpapasalamat pa siya kung ipapakita sa kanya ng boss niya o kahit ng taong mas bata sa kanya o ng katrabaho niya ang mga maling ginawa niya. Iniisip niya na para rin sa ikakabuti niya ito kaya nagpapasalamat siya sa kanila. Kahit na mali ang sinasabi ng mga ito, tinatanggap niya ito, at susuriin ulit ang sarili. Nasa isipan niya palagi na maging tama at kagalang-galang ang mga ginagawa niya.

Sa kabaliktaran, ang mga makalaman ay nagdadahilan at nangangatwiran sa mga pagkakamali nila kapag pinagsabihan. Nagagalit pa sila o sumasama ang loob sa taong nagpapayo sa kanila dahil iniisip nilang mali ang pagkakilala nito sa kanya.

Kinikilala ng mga banal ang mga mabuti at malakas na katangian ng isang tao. May nagagawa din ang isang taong may maliit na pananampalataya dahil sa dedikasyon nito sa ginagawa niya pero ayaw itong kilalanin ng taong makalaman. Iniisip ng taong makalaman na may kulang sa ibang tao. Ang dahilan nito ay sapagkat sariling pamantayan ang ginagamit nila. At iniisip nila ang kahinaan ng ibang tao dahil naiingit at nagseselos sila dito, hindi nila magawang purihin ang mga kakayahan ng mga ito.

Gayon pa man, gusto ng mga banal na mas mapabuti ang ibang tao, tinitingnan nila ang mga bagay na mabuti sa kanila kahit kakaunti ang mga ito. Tinutulungan nila silang mas maging malakas at isaayos ang mga kahinaan nila.

## Pusong Hindi Nagbabago laban sa Pusong Nagbabago

Hindi nagbabago ang mga banal sa pagpapasalamat sa mga pagpapalang tinatanggap nila. Lagi nilang isinasapuso ito at hinahangad na makabayad nang higit pa sa tinanggap. Hindi nila iniisip, "Nabayaran ko na ang pagpapala Niya, sapat na ito." Nagpapasalamat sila kapag masaya sila at puspos ng Espiritu at kahit dumadanas sila ng kahirapan. Hindi sila humihinto sa pagpapakita ng pagmamahal sa Panginoon sa pamamagitan ng mga gawa.

Sa kabaliktaran, nagbabago ang mga may makalamang puso kapag hindi na sila nakikinabang sa mga bagay sa paligid nila pagkatapos nilang bayaran ng kaunti ang pagpapala. Buong kagalakan at kasiyahan nilang tinutupad ang ipinangako nila sa Diyos sa simula pero hindi magtatagal, napipilitan na sila. Higit pa dito, may ilan sa kanilang hindi na talaga tumutupad sa pangako, nilalabag nila ito. Dahil dito nagkakaroon sila ng mga pagsubok at dalamhati.

Ang mga banal ay hindi rin nagbabago sa pagsunod nila sa ibang tao. Ang dahilan nito ay sapagkat umaasa sila na magkaroon ng mas malalim na kabanalan sa mga natututuhan nila sa taong sinusunod nila. Ang pinakaminimithi nila ay ang makamit ang buong kabanalan, para makakakilos sila na may napakagandang kabutihan.

Hindi ba't gusto ninyong maging maramot kaysa magbigay? Hindi ba't ginugulo ninyo ang ibang tao dahil sarili lang ninyo ang iniisip ninyo at hindi umuunawa ng iba? Hindi ba't nabibigo kayo at nagdadahilan kapag pinagsasabihan kayo? Hindi ba kayo nagbago sa pagbabayad ng pagpapalang tinanggap dahil gusto ninyong makinabang? Umaasa kami na magiging pagkakataon ito para suriin ninyo ang puso ninyo.

# "Gumaling ang mga ugat ko sa mata! Nababasa ko na kahit maliliit na letra"

Diakono Chunbeom Lee (3-30 Parish, South Korea)



Noong taong 2006, habang nagtatayo kami ng gusali, nahulog ako sa basa at maputik na lugar, nakuryente ako. Napinsala nito ang ugat ng kanang mata ko. Malabo na dati ang paningin ko, pero nang mapinsala ang ugat sa mata ko dahil sa aksidenteng iyon, hindi na ako makakitang mabuti. Dapat maging lagi akong maingat kapag tumatawid sa kalye dahil hindi ko masabi kung anong kulay ng ilaw ng trapiko. Lagi akong may nakakabunggong tao at palaging natatapilok.

Noong Agosto 2009, nasuring malala ang lagay ng mata ko. Kabilang na ako sa mga taong may kapansanan sa mata, nasa 5th class na ako (ang 6th class ang pinakamalala). Kapag lumala pa ang kalagayan ko, mabubulag na ako. Napuno ako ng takot at pagkabigo. Pagkalipas ng dalawang buwan, nagkaroon ako ng pag-asa. Dinala ako sa Manmin Central Church ni Diakonesa Kyungja Seol. Umaapaw sa iglesyang ito ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos.

Noong nagpunta ako sa iglesya, naitanim sa isipan ko ang ang talata mula sa Mateo 7:21, "Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, 'Panginoon, Panginoon,' ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit..." Napagisip-isip ko na walang nangyayari sa buhay ko bilang isang Cristiano kahit nagsisimba na ako mula pa noong bata pa ako.

Magmula noon, sinikap kong isagawa ang Salita ng Diyos, panatilihing banal ang buong Sabbath, at magbigay ng buong ikapu. Pagkatapos ng anim na buwan magmula noong nagpunta ako sa iglesya, pinagaling ako ng Diyos ng pag-ibig sa pamamagitan ng dalangin ni Dr. Jaerock Lee mula sa rayuma na nagpapahirap sa dalawang tuhod ko may sampung taon na ngayon. Napatalon ako sa tuwa nang makalaya ako sa napakatagal na pananakit. Napakasaya ko at nagpapasalamat!

Pagkatapos, taimtim akong nanalangin sa Pulong Panalanging Daniel bawat gabi at nagbubuod ng mga sermon sa tuwing may panahon ako. Samantala, mas nagsumikap pa akong maunawaan ang kalooban ng Diyos. Noong Marso 31, 2013, Pasko ng Pagkabuhay, may nangyaring kamangha-manghang bagay sa akin. Pinapanood ko si Dr. Lee sa pulpito habang may pagsamba. May nakita akong sinag ng liwanag na bumuhos sa kanya. Napakaliwanag nito, hindi ko ito mapagmasdan. Nakakita ako ng maliwanag at nagniningning na mga ilaw habang nananalangin at nagpupuri sa santuwaryo.

Higit pa riyan, pagkatapos ng karanasang ito, nabasa ko ang maliliit na letra sa Biblia nang walang hirap at walang salamin sa mata. Nakikita ko na ngayon kung ano ang kulay ng ilaw sa trapiko, nakakatawid na ako nang walang pagaalinlangan. Nagbalik din sa normal ang trabaho ko. Pinupuri ko ang kapangyarihan ng Diyos na bumuhay sa patay na ugat sa mata ko. Hallelujah!

# "Maraming salamat, Panginoon, sa pagpapapagaling Mo sa pamilya ko at paghahatid sa amin sa daan ng buhay"

Diakono Gyan Bahadur Rai (Manmin Mission Center, Nepal)

Ipinanganak ako sa malayong nayon sa bansang Nepal. Tinanggap ko ang Panginoon noong taong 2002. Hindi ko nauunawaan ang tunay na kahulugan ng pananampalataya. Kaya dumalo ako sa simbahan para magkaroon ng mga kaibigan sa pananampalataya.

Noong taong 2005, nakilala ko si Pastor Grace Lee dahil kay Elder Bhabindra Rai. Siya ang pastor na nagmiministro sa Manmin Mission Center sa Nepal. Nagdala ito ng malaking pagbabago sa buhay ko bilang isang Cristiano. Nakadama ako ng kadalisayan noong bumisita ako sa Manmin Mission Center sa unang pagkakataon. Parang napakasaya ng mga miyembro habang sumasamba kasama ng kongregasyon mula sa Manmin Central Church sa Seoul, South Korea sa pamamagitan ng GCN TV.

Binigyang-diin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na dapat nating sundin ang mga utos ng Diyos, iwaksi ang mga kasalanan, at magsulong ng banal na buhay kung totoo tayong naniniwala sa Diyos. Namangha ako sa malinaw na paliwanag ng mga mensahe niyang espirituwal. Binasa ko ang libro niyang *Ang Mensahe ng Krus* para mas matuto pa.

Sa pagbabasa ko ng libro, maliwanag kong naintindihan na tinubos tayo ng Panginoon mula sa mga kasalanan natin at binuksan ang daan patungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus. Nabatid ko na nalulugod ang Diyos sa mga anak Niyang winawaksi ang mga kasalanan at nagpapabanal. Magmula noon, gusto ko na palaging mapakinggan ang mga mensahe niya.



Diakono Gyan Bahadur Rai (kaliwa), ang asawa niyang si Santi Rai (harapan, kaliwa), Joshua Rai, anak (sa likuran ng asawa niya), at ang pamilya ng kapatid niyang babae at mga manugang niya

Noong taong 2007, nabalitaan kong magtuturo si Dr. Esther Chung, pangulo ng Manmin International Seminary, sa isang seminar para sa mga pastor sa Nepal. Sumama ako dito, nag-aasam. Dito ko natutuhan ng mas malalim ang tungkol sa mensahe ng krus at ang tungkol sa sukat ng pananampalataya.

Palagi kong pinapakinggan ang mga mensahe ni Dr. Lee sa GCN TV, nagkaroon ako ng mas malawak na kaalaman. Habang nagsisikap akong mamuhay ayon sa Salita ng Diyos, naging malusog din ako. Marami akong karamdaman dati tulad ng malalang ubo, masakit at namamagang kasukasuan, sakit sa bituka, sakit ng ulo, hika, at allergy na dalawampu't walong taon ko nang pinagtitiisan. Gayon pa man, gumaling ako mula sa lahat ng ito dahil sa panalangin ni Dr. Lee sa GCN TV.

Lahat ng miyembro ng pamilya ko ay masaya sa buhay nila bilang mga Cristiano, naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos. Gumaling ang hika at sakit sa ulo ng asawa kong si Santi Rai, at gumaling naman ang malalang ubo ng anak kong si Joshua Rai.

May 'cervical ulcer' ang nanay ng asawa ko at may planong magpaopera. Bago siya maoperahan, bumagsak pang lalo ang kalusugan niya kaya ipinanalangin siya ni Pastor Grace Lee gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Bumuti ang kalusugan niya, hindi na niya kailangang magpaopera dahil ayon sa ginawang muling pagsusuri sa kanya, nawala na ang sakit niya. Hallelujah!

Hindi lang ako ang pinagaling ng Panginoon ng pag-ibig kundi ang buong pamilya ko mula sa mga karamdaman. Dinala Niya kami sa daan ng buhay. At biniyayaan ako dahil nagtatrabaho na ako sa Manmin Mission Center sa Nepal. Maaari na akong mabuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ako ang namamahala ng buong simbahan, masayang-masaya ako.

Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na niloob na mabatid ko ang katotohanan at nagbigay sa akin ng pag-asa para sa Langit.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714